Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

7:4

**TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN**

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG ABRIL 27, 2009, ARAW NG LUNES, SA GANAP NA IKA-9:25 NG UMAGA.

DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. ALAN T. PAMATMAT ........ | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kgg. Louie C. de Leon ......... | Kagawad |
| Kgg. Ramon D. Tan ......... | Kagawad |
| Kgg. Jun M. Asinas ......... | Kagawad |
| Kgg. Romulo A. Elca ......... | Kagawad |
| Kgg. Laura P. Obligacion ......... | Kagawad |
| Kgg. Roselon F. Pamatmat ........ | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco ......... | Kagawad |
| Kgg. Oscar F. Feliciano ......... | Kagawad |
| Kgg. Isagani R. Malapaya ......... | Kagawad – Pangulo /Liga ng mga Barangay |
| Kgg. John Carlos C. delos Reyes ..... | Kagawad – Pangulo / Sang. Kabataan |

**KAPASIYAHAN BLG. 100-T2009**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAHILINGAN NI GNG. MARITA SANTOS, PANGKALAHATANG TAGAPAMAHALA, ARGEM SPORTS COLISEUM, BARANGAY BUBUKAL NG BAYANG ITO, NA MAKAPAGDAOS NG PASABONG (ONE-COCK ULUTAN) SI G. RENE SANTOS SA MAYO 2, 2009.**

**SAPAGKA'T**, iniharap at tinalakay ng sangguniang ito ang kahilingan ni Gng. Marita Santos na makapagdaos ng pasabong ( one – cock ulutan) si G. Rene Santos sa Argem Sports Coliseum sa Mayo 2, 2009;

**SAPAGKA'T**, matapos na ito ay matalakay at malaman na ang bahagi ng kikitain ay ilalaan para sa kawanggawa ay ipinasya ng Lupon sa Palaro at Libangan na irekomendang pagtibayin na ito.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO**, sa mungkahi ng Kgg. Kag. John Carlos C. delos Reyes (Tagapamuno ng Lupon sa Libangan), na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Oscar F. Feliciano at Louie C. de Leon at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHANG**: Pagtibayin ang kahilingan ni Gng. Marita Santos, Pangkalahatang Tagapamahala, Argem Sports Coliseum, Brgy. Bubukal ng bayang ito, na makapagdaos ng pasabong (one-cock ulutan ) si G. Rene Santos sa Mayo 2, 2009.

**INIUUTOS**: Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Tanggapan ng Paglilisensya at Permiso, Kagawaran ng Pulisya at Pangkalahatang Tagapamahala ng Argem Sports Coliseum, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY.**

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

Jeanette P. Alfonso
**JEANETTE P. ALFONSO**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO: Alan T. Pamatmat

**KGG. ALAN T. PAMATMAT**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

**KGG. ARIEL T. MAGCALAS**
Punong Bayan